

NOBENA SA INA NG LAGING SAKLOLO

Pambungad na Awit:

INANG SAKDAL LINIS

Inang sakdal linis,
kami ay ihingi
Sa Diyos Ama namin,
awang minimithi.
Ave, Ave, Ave Maria.
Ave, Ave, Ave Maria

Bayang tinubua'y
ipinagdarasal
At kapayapaan
nitong sanlibutan.
Ave, Ave, Ave Maria.
Ave, Ave, Ave Maria

PAMBUNGAD NA PANALANGIN:

Namumuno: Sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo.

Lahat: Amen.

Namumuno: Mga kapatid, bilang mga anak ng ating Banal na Ina ay nagtipon-tipon tayo sa harap ng kanyang mapaghimalang larawan upang parangalan siya at humingi ng lahat ng ating kailangan sa Panginoon sa tulong ng kanyang panalangin. Dahil sa tayo ay di karapat-dapat na mga anak, humingi muna tayo sa Diyos ng awa at patawad

Lahat: Mahabaging Ama, * sinugo Mo sa lupa ang Iyong Banal na Anak * upang tubusin at iligtas kami * sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay * at upang bigyan kami ng bagong buhay. * Sa pamamagitan nito * ginawa Mo kaming Iyong mga anak * upang magmahalan kami * tulad ng pagmamahal ni Kristo sa amin. Anong limit naming malimutan * ang dakila naming karangalang ito. * Nagkasala kami sa aming mga kapatid; * nagkasala kami sa Iyo. * Mahabaging Ama, * patawarin Mo kami. * Tapat naming pinagsisisihan ang aming mga kasalanan. * Kahabagan Mo kami, maawaing Ama. * Lagi nawa kaming mabuhay * bilang matapat Mong mga anak.

Pagbasa ng liham kahilingan at pasasalamat: (Umupo)

Maikling Sermon

BIRHEN MARIA, TALA SA UMAGA

Birhen Maria, Tala sa Umaga
Noon pa man ay itinangi ka.
Ang 'yong liwanag
ang takdang lulupig
kay Satanas, tao'y ililigtas.

Refrain:

Iyong tunghan
kaming nananambitan
At ang lupang iyong tinapakan.
Tulong mo'y ilawit
sa 'min, Maria
Ngayon at sa aming
kamatayan.

Ang kalinisan mo'y iginagalang
Naming mahina't makasalan
Awa ng Diyos
ang aming kahilingan
Birhen Maria,
kami'y tulungan.
(Refrain)

PANALANGIN SA NOBENA

Mahal na Ina ng Laging Saklolo, * buhat sa krus * ibinigay ka sa amin ni Hesus * upang maging Ina namin. * Ikaw ang pinakamabait, * pinakamasintahin sa lahat ng mga ina. * Buong giliw mong tunghayan * kaming iyong mga anak * na ngayon ay humihingi ng iyong tulong * sa lahat ng aming pangangailangan * lalung-lalo na ang biyayang ito ...
(sandaling katahimikan).

Noong ikaw ay nasa lupa, * minamahal na Ina, * ikaw ay buong pusong nakiramay * sa paghihirap ng iyong Anak. * Sa tulong ng iyong pananalig at pagtitiwala * sa maka-Amang pagmamahal ng Diyos * tinanggap mo ang Kanyang mahiwagang kalooban.

Mayroon din kaming mga krus * at mga tiisin sa buhay. * Kung minsan ang mga ito'y parang hindi na namin kayang pasanin. * Pinakamamahal na Ina * bahaginan mo kami ng iyong malaking pagtitiwala sa Diyos. * Ipaunawa mo na walang katapusan * ang pagmamahal ng Diyos sa amin * at tinutugon Niya ang lahat ang aming mga panalangin * sa paraang makabubuti sa amin. * Palakasin mo ang aming loob sa pagpapasan ng krus * tulad ng iyong Banal na Anak. * Tulungan mong maunawaan namin * na sinumang nakikibahagi sa krus ni Kristo ay tiyak na makakabahagi rin * sa Kanyang muling pagkabuhay.

Pinakamamahal na Ina * habang kami'y nababahala sa sarili naming mga suliranin * huwag sana naming malimutan ang mga pangangailangan ng iba. * Mahal na mahal mo sila; * tulungan mong maging ganito rin* ang aming pagmamahal sa kanila. * Samantalang idinadalangin namin ang aming mga adhikain * at mga adhikain ng lahat ng naririto ngayon * mataimtim sa loob na hinihiling namin sa iyo, aming Ina, * tulungan mo kaming makapagdulot ng aliw at ginhawa sa mga maysakit * at sa mga malapit nang sumakabilang buhay, * makapagbigay ng pag-asa sa mga dukha at walang hanapbuhay, magpahilom ng sugat ng mga pusong wasak,* makiisa sa pagkilos ng mga inaapi, * at turuan ng katarungan * ang mga sa kanila'y nang-aapi * at ibalik sa Diyos ang lahat ng mga nagkasala sa kanya.

Pinakamamahal na Ina, tulungan mo kaming umiwas sa kasalanan * na naglalayo sa amin sa aming Ama sa langit * at sa isa't isa. * Buong tiwala naming isinasalalay * ang aming sarili sa iyong pagkalinga * at lubos na umaasa sa Iyong mapagmalasakit na pangalangin.

Amen.

PANALANGIN PARA SA TAHANAN

Ina ng Laging Saklolo, * pinili ka naming Reyna ng aming tahanan. * Hinihiling naming pagpalain mo ang aming pamilya * sa pamamagitan ng iyong matimyas na pagmamahal. Mahigpit nawang bigkisin ng Sakramento ng Kasal * ang mga mag-asawa * upang lagi silang maging tapat at mapagmahal sa isa't-isa * tulad ng pagmamahal ni Kristo sa Santa Iglesia.

Hinihiling naming pagpalain mo ang lahat ng mga magulang. Mahalin nawa nila ang mga anak * na ipinagkatiwala ng Diyos sa kanila. * Nawa'y lagi silang maging huwaran ng kanilang mga anak * sa pamamagitan ng kanilang tunay na buhay-Kristiyano. * Tulungan mong palakihin * at arugain * ang kanilang mga anak * na may pagmamahal at takot sa Diyos. * Pagpalain mo ang mga bata * upang kanilang mahalin, * igalang at sundin * ang kanilang ama at ina. * Sa iyong magiliw na pagpapala * tangi naming ipinagkatiwala ang mga kabataan ngayon.

Bigyan mo kaming lahat * ng pagpapahalaga sa aming pananagutan * nang matupad namin ang aming tungkulin * na gawing pugad ng kapayapaan ang aming tahanan * tulad ng iyong tahanan sa Nazareth. * Ikaw ang aming huwaran. * Tulungan mo kami * upang sa araw-araw ay lalong magingas * ang dalisay naming pagmamahal sa Diyos at kapwa, * nang sa gayo'y maligayang maghari ang katarungan at kapayapaan * sa buong sangkatauhan. Amen.

MGA KAHILINGAN SA ATING INA NG LAGING SAKLOLO

Santa Maria, *Ipanalangin mo kami.*

Santang Birhen na ipinaglihing walang kasalanan, *Ipanalangin mo kami.*

Aming Ina ng Laging Saklolo, *Ipanalangin mo kami.*

Kaming makasalan ay tumatawag sa iyo,

Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Sa panahon ng Adbiyento:

Upang paghandaan naming katulad Mo ang pagdating ni Kristo

Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Sa panahon ng Kapaskuhan:

Upang lubos naming ibigay ang aming puso kay Kristo sa Paskong ito

Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Sa panahon ng Kuwaresma:

Upang maging tapat kami sa mga ipinangako namin ng kami'y binyagan,

Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Sa panahon ng Muling Pagkabuhay:

Upang kasama mong ipagdiwang namin ang tagumpay ni Kristo sa kasalanan at kamatayan

Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Iba-ibang mga Linggo:

Upang mapuno kami ng Espiritu Santo at maging mga magigiting na saksi sa pagmamahal ni Kristo sa tao

Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang katulad mo, unti-unti kaming matulad sa aming mahal na Panginoon,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang maging mapagpaumanhin at mapagkumbaba kami katulad ng iyong Anak na si Hesus,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang matakot kaming lubusang masira ang pakikipagkaibigan ng Diyos sa amin dahil sa ayaw naming pagsisihang kasalanan,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang lagi naming sikapping matamo ang awa at patawad ng Diyos sa Sakramento ng Pagkukumpisal,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang maunawaan namin na tinuturuan kami ng Diyos sa pamamagitan ng mga pangyayari sa araw-araw na pamumuhay,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang manalangin kami araw-araw na may pagmamahal at pagtitiwala, lalo na sa mga sandali ng tukso,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang maunawaan namin ang halaga ng sama-samang pagsamba sa Diyos sa Eukaristiya,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang patuloy na mag-alab ang aming pag-ibig kay Kristo at sa kapwa sa pamamagitan ng malimit na pagtanggap ng Banal na Komunyon,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang igalang namin ang aming katawan bilang mga templo ng Espiritu Santo,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang magsikap kaming maging tunay na mga Kristiyano sa pamamagitan ng mapagmahal na pagmamalasakit sa iba,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang ipahayag namin ang dangal ng trabaho sa pamamagitan ng katapatan sa aming gawain,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang buong puso naming patawarin ang mga nakagawa sa amin ng masama,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang maunawaan namin ang kasamaan ng paghahangad sa sariling kapakanan na makakapinsala sa iba,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang tumulong kami na ipamahagi ang kayamanan ng mundong ito alinsunod sa katarungan
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang gamitin namin ang aming mga kakayahan para sa ikabubuti ng iba
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang tanggapin namin ang aming pananagutan sa lipunan ayon sa diwa ng tunay na paglilingkod
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang patnubayan at patatagin ng Espiritu Santo ang loob ng Santo Papa, ng mga obispo at mga pari,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang pagkalooban kami ng Panginoon ng maraming mga kabataan na tumugon sa tawag ng Panginoon sa pagpapari at buhay
relihiyoso,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang pangalagaan at ingatan namin ang kalikasang kaloob ng Diyos,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang ipagtanggol namin ang dangal ng tao at kabanalan ng buhay mula sa sinapupunan hanggang sa kamatayan,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang magkaroon ng tunay at pangmatagalang kapayapaan sa ating mundo,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang matulungan naming kilalanin at mahal in si Kristo ng mga hindi pa nakakikilala sa kanya,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang maunawaan namin na sa gitna ng aming mga tagumpay, nangangailangan pa rin kami ng tulong ng Diyos,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang sa kamatayan, maging handa kaming pumasok sa tahanan ng aming Ama sa langit,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang pagdating ng kamatayan sa aming mga mahal sa buhay kami'y aliwin ng aming pag-asa sa Panginoong muling nabuhay,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

Upang idalangin namin na ang mga yumao ay makinabang agad sa muling pagkabuhay ng iyong Anak,
Masintahing Ina, ipanalangin mo kami.

(Tahimik nating idalangin ang ating sariling mga hangarin.)

Lahat: Santa Maria, * ipanalangin mo kami, ipanalangin mo ang bayan ng Diyos. * Maranasan nawa ng lahat * ang iyong
walang hanggang saklolo.

Namumuno: Panginoon, * ibinigay mo sa amin si Maria * upang maging Ina namin na laging handang dumamay sa
amin. Loobin Mo nawa na dumulog kami sa kanya * sa lahat ng aming pangangailangan.

Lahat: Amen.

PAGTATALAGA NG SARILI SA ATING INA NG LAGING SAKLOLO

(Unang Miyerkules ng buwan)

Kalinis-linisang Birhen Maria * Ina ng Diyos at Ina ng Santa Iglesia, * ikaw ay amin ding Ina na laging handang sumaklolo sa amin. * Taglay ang mga pusong lipos ng pag-ibig sa iyo * itinatalaga namin ang aming sarili * sa iyong Kalinis-linisang Puso * upang kami ay maging tapat mong mga anak. * Ihingi mo kami ng tunay na pagsisisi * sa aming mga kasalanan * at katapatan sa aming mga ipinangako * nang kami ay binyagan.

Itinatalaga namin sa iyo * ang aming puso't kaluluwa * upang lagi naming sundin * ang kalooban ng aming Ama sa langit. * Itinatalaga namin sa iyo ang aming buhay * upang lalo naming mahal in ang Diyos * at mabuhay kami, hindi para sa aming sarili * kundi para kay Kristong iyong Anak * at upang Siya'y aming makita at paglingkuran sa aming kapwa.

Sa abang pagtatalaga na ito, * pinakamamahal na Ina ng Laging Saklolo,* ipinangangako namin* na ang aming buhay * ay itutulad namin sa iyo * ikaw na pinakaganap na Kristiyano * upang matapos naming maitalaga sa iyo ang aming sarili * sa buhay at kamatayan * ay makapiling kami * ng iyong Anak magpakailanman. Amen.

BIRHENG MAHAL

Birheng mahal, Birheng mahal,
ang nasa ko'y ano?
di nais ang kayamanan
at tuwang napaparam.

O, Birheng Mahal, Birheng Mahal
ang samo ko'y ito:
Si Hesus na kalong mo sa bisig,
ligaya ng buhay ko.

Birheng Mahal, Birheng Mahal
dagat itong buhay.
Ang 'yong Anak ay itanglaw
at nang di maligaw;

At, Birheng Mahal, Birheng Mahal
ang nais ko'y ito:
Sa hantungan nitong paglalakbay
Si Hesus ay makamtan.

(Benediksiyon o Santa Misa)

HANDOG NG TAGAPAGLIGTAS

Handog ng Tagapagligtas
Langit sa amin nagbukas
Pagkalooban ang iyong angkan
ng pananggol sa kasamaan

Ang isang Diyos ay purihin.

Tatlong Persona ay sambahin;
Ang buhay namin ay palawigin
Hanggang sa buhay na darating.

Amen...

PASASALAMAT

Lahat: Panginoong Hesukristo, * na nasa Banal na Eukaristiya, * sinasamba Ka namin. * Ikinalugod ng Ama * na ang buo Niyang pagka-Diyos ay sumaiyo at sa pamamagitan Mo * niloob Niyang pagkasunduin sa Kanya * ang lahat ng bagay. * Loobin Mo na kami * ay lubos na magpasalamat * sa lahat ng ginawa sa amin ng Ama. * Loobin Mong pagsisihan naming lubos * ang aming mga kasalanan at panibaguhin ang aming buhay

Sa pamamagitan Mo, * pinasasalamatan namin ang Ama * sa pagbibigay sa amin ng buhay. * Nilikha Niya ang lahat * ng kahanga-hangang mga bagay para sa amin. * Nawa'y gamitin namin * ang mga ito sa kabutihan * at nawa'y papagningasin ng mga ito ang aming pagmamahal sa Kanya. Higit sa lahat, *pinasasalamatan namin ang Ama * sa pagsusugo Niya sa Iyo: * bilang Siyang pinakadakilang tanda ng Kanyang pagmamahal * na magliligtas sa amin * at sa lahat ng sangkinapal * sa pamamagitan ng Iyong pagkamatay at muling pagkabuhay.

Nagpapasalamat kami sa Iyo, Panginoon, * sa pagbibigay Mo ng Iyong Ina * upang maging Ina namin, * ng laging saklolo. Harinawang ang di mabilang * na biyayang tinanggap namin sa panalangin niya, * lalo na sa pamamagitan ng pagnonobena sa kanya, * ay makapukaw sa aming damdamin * upang maragdagan ang aming pagtitiwala * sa mapagkalingang awa ng Diyos * at sa walang sawang pagdamay ng Iyong Ina. * Loobin Mo nawa * na lagi kaming sumunod sa banal na kalooban ng Diyos * at mahal in siya ng walang hanggan.

ANG KARANGALAN, KALUWALHATIAN AT PASASALAMAT AY MAPASA-KABANAL-BANALANG TATLONG PERSONA, * AMA, * ANAK, AT ESPIRITU SANTO * MAGPASA- WALANG HANGGAN. AMEN.

PANALANGIN PARA SA MGA MAYSAKIT

Panginoong Hesukristo, pinasan Mo ang aming mga tiisin * at dinala Mo ang aming mga dalamhati upang Iyong ipakilala ang halaga ng pagtitiis at ng pangangailangan ng tao ng Iyong tulong. Magiliw Mong dinggin ang aming mga panalangin para sa mga minamahal naming may sakit lalo na... (manahimik sandali at alalahanin ang mga maysakit na mahal sa buhay) Ipagkaloob Mo sa kanila na labis na nahihirapan dahil sa dinaranas nilang mga sakit at karamdaman ang iyong mapaghilom na lakas at kalinga. Ibalik mo sa kanila ang kalusugan ng katawan at kaluluwa upang sila ay muling makapaglingkod sa iyo at sa kapwa. Amen.

SAMBAHIN ANG PANGINOON

Sambahin ang Panginoon
Naririto sa Altar
Kamatayan Niya'y tagumpay
Na sa atin nagbigay
Ng pag-asa sa ligaya
At buhay na walang hanggan
Ang tinapay at ang alak
na aming tinatanggap
Dito sa 'yong Sakramento,

O Hesus ay buhay Mo
Pag-alabin aming puso
Sa ningas ng pag-ibig Mo.
Amen, Amen.

V. Binigyan mo sila ng pagkaing galing sa langit (Aleluya)
R. Bukal ng lahat ng kaligayahan. (Aleluya)

Pari: Manalangin tayo,
Panginoon naming Diyos, sa pamamagitan ng mahiwagang pagkamatay at muling pagkabuhay ng Iyong Bugtong na Anak, iniligtas Mo ang tao. Lipos ng pagtitiwala naming ipinahahayag ang hiwagang ito sa pamamagitan ng Eukaristiya. Tulungan Mong maranasan namin ang ginawa Mong pagsakop, alang-alang kay Kristong aming Panginoon.

PAGPUPURI

Purihin ang Diyos.
Purihin ang Kanyang Santong Ngalan.
Purihin si Hesukristo, Diyos na totoo at Taong totoo.
Purihin ang Ngalan ni Hesus.
Purihin ang Kanyang Kabanal-banalang Puso.
Purihin ang Kanyang Kamahal-mahalang Dugo.
Purihin si Hesukristo sa Santisimo Sakramento sa altar.
Purihin ang Diyos Espiritu Santo, ang Mang-aaliw.
Purihin ang dakilang Ina ng Diyos na si Maria Santisima.
Purihin ang santa at di narungisang paglilili sa kanya.
Purihin ang maluwalhating pag-aakyat sa langit kay Maria.
Purihin ang ngalan ni Maria, Birhen at Ina.
Purihin si San Jose na kanyang kalinis-linisang esposo.
Purihin ang Diyos sa Kanyang mga anghel at sa Kanyang mga santo.

O SAKRAMENTONG MAHAL

O Sakramentong Mahal
Na sa langit buhat
Ang puri ng kinapal
Iyung-iyong lahat
Iyung-iyong lahat.

ABA GINOONG MARIA

Aba Ginoong Maria
Napupuno ka ng grasya
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat

At pinagpala naman ang iyong Anak na si
Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos

Ipanalangin mo kaming makasalanan

Ngayon at kung kami ay mamamatay.

Amen.